

Marso 19, 2020
(Updated Mayo 7, 2020)
(Updated Hunyo 18, 2020)

Pahayag

KDDI Corporation
Okinawa Cellular Telephone Co., Ltd.

Tungkol sa Pagsingil ng Bayad Alinsunod sa Tumataas na Bilang ng Pagkalat ng COVID-19

Kaugnay ng pagtaas na bilang ng pagkalat ng COVID-19, ang KDDI at Okinawa Cellular ay magbibigay ng ekstensyon ng deadline ng pagbabayad para sa mobile phone, internet, kuryente, gas, at iba pang mga serbisyong inihahatid o sinisingil (Note 1) ng kumpanya, kapag mayroong aplikasyon mula sa mga mamimili (Note 2) na nahihirapan sa pagbabayad hanggang sa deadline.

Tungkol sa Pagsingil ng Bayad

(1) Ekstensyon ng Deadline ng Pagbabayad

- Kung ang deadline ng pagbabayad ay mula sa Pebrero 25 hanggang katapusan ng Hunyo ng taong 2020, maaaring magbayad hanggang sa katapusan ng Hulyo ang mga mamimili kung may aplikasyon.
- Kapag mayroon nang aplikasyon para sa ekstensyon ng pagbabayad hanggang katapusan ng Hunyo, hindi na kailangang magsumiteng muli dahil awtomatiko ang ekstensyon hanggang sa katapusan ng Hulyo.

Gayunpaman, kapag natanggap na ang pangako ng pagbabayad, gagawing prayoridad ang pangako kapag hindi muling nakatanggap ng aplikasyon.

※Kapag hindi muling nagdeklara ng emergency, hindi magbibigay ng ekstensyon sa palugit ng pagbabayad makalipas ang katapusan ng Hulyo. Hinihingi namin ang inyong pang-unawa.

※Maaaring magkaroon ng direktang debit para sa mga gumagamit ng auto-debit o credit card sa pagbabayad depende sa araw ng aplikasyon ng ekstensyon ng mamimili.

(2) Simula ng Pagtanggap ng Aplikasyon Mula sa Mamimili

Simula sa ika-23 ng Marso, 2020

(3) Para sa Katanungan at Aplikasyon ng Mamimili

Mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan sa ibaba. Mayroon ding nakasulat sa bill na ipinadala.

■KDDI Customer Support Center (General Inquiry) | Walang Bakasyon (9:00~20:00)

※Libreng Tawag

Saklaw na Wika	Numero ng Telepono
Tagalog	0120-933-952

※Maaaring matagalan sa pagtawag dahil sa hindi sapat na kahandaan sa dami ng tatanggap kasabay ng pag-iwas sa pagkalat ng COVID-19.

(Note 1) Saklaw ang lahat ng serbisyo na sinisingil ng KDDI o Okinawa Cellular

(Note 2) Saklaw ang lahat ng mga mamimili kabilang ang mga kumpanya (pati ang mga Wholesaler) o mga indibidwal